# Pananampalataya sa Diyos

Ang pananampalataya sa Diyos ay nangangahulugang pananampalataya sa isang Tagapaglikha, Tagapagmay-ari at Tagapagtustos sa lahat ng nilikha. Lahat ay nilikha Niya mag-isa, at nakakatanggap ng habang-panahong pagtutustos mula sa Kanya. Walang anumang bagay ang iiral kung wala Siya. Ang kamalayan dito at ang pananampalataya sa Diyos ay magkatuwang. Ang resulta nito, ang taong nananampalataya ay nagsisimulang ituring ang kanyang sarili bilang lingkod ng Diyos. Sa lahat at sa bawat bagay na nasasaksihan niya mula sa kadakilaan ng Diyos, at bawat biyaya na natatanggap niya ay pinaniniwalaan niyang mula sa Diyos; ang mga papuri para sa Diyos at pag-aalala sa Kanya ay dumadaloy mula sa kanyang puso tulad ng bukal. Siya ay nabubuhay, hindi sa pagkalimot, ngunit sa kalagayan ng kamalayan, ang lahat ng kaganapan ay paalala sa kanya mula sa Diyos. Sa kanyang paggising mula sa malalim at nagpapasiglang tulog, siya ay nagsisimula nang boluntaryo upang pasalamatan ang kanyang Panginoon sa pagbibiyaya Niya sa tao ng pagtulog, na kung wala ito, siya ay nasa habang-panahong kalagayan ng pagkapagod sa buhay, gaano man ito kaikli, ay magiging mala-impiyerno para sa kanya at magtutulak sa kanya tungo sa pagkabaliw. Sa pagsikat ng araw sa langit at pagpapadala nito ng liwanag sa mundo, na umaalis sa kadiliman ng gabi, ang kanyang puso ay umiiyak sa tuwa, ‘Luwalhati kay Allah na lumikha ng liwanag. Kung wala lamang liwanag, ang buong mundo ay magiging isang nakakatakot na dagat ng kadiliman.’ Kapag itinulak ng gutom at uhaw, siya ay kumakain at umiinom, ang kanyang buong katauhan ay napupuno ng taus-pusong pagpapasalamat at siya ay nagugulat at namamangha, tinatanong niya ang kanyang sarili: ‘Ano ang mangyayari sa tao kung walang Diyos na nagpapadala sa atin ng pagkain at inumin?’ Kapag siya ay nangangailangan o kung siya ay nasaktan, siya ay naghahangad sa Diyos, nananalangin sa Kanya ng ginhawa. Kung siya ay makakatagpo ng sakuna, tinatanggap niya ito bilang bahagi ng disenyo ng Diyos, kung siya man ay mapalad upang kumita o sa iba pang paraan ay makita niya ang kanyang sarili na nasa ginhawa, siya ay napapaalalahanan ng biyaya ng Diyos at ang kanyang puso ay napupuno ng pagpapasalamat. Ang kanyang mga nakamit, ay hindi pumupuno sa kanya ng pagmamalaki, at gayundin ang kanyang kasawian ay hindi dumudurog sa kanya o nagdudulot na siya ay mainip. Sa lahat ng bagay na ito, maging ito man ay pagkita o pagkalugi, ang kanyang pananalig sa Diyos ay hindi nasisira, at hindi niya itinuturing ang sinuman o anuman liban pa sa Diyos na maging layunin niya. Walang anumang kaganapan ang makakapagpalimot sa kanya sa kanyang Panginoon.

# Ang Pagkakatuklas sa Diyos

Ang pagkakatuklas sa kapangyarihan ng gravity sa mundo sa iba pang pisikal na katawan o ang radiation sa sansinukob sa tulong ng mga makabagong instrumento, ay isang pagtatagumpay na akademiko na walang kulay ng pamimilit na panrelihiyon. Ngunit ang pagkakatuklas sa diyos ay iba pang bagay. Ito ay isang direktang pag-unawa sa Siyang Nakakakita at Nakakarinig, at Siyang may tangan ng lahat ng kapangyarihan at lakas. Kung ang dakilang sansinukob ay magiging tahimik, kung wala ang tunay na halaga nito na nauunawaan at napapahalagahan, ito ay hindi maaarok kung ang Tagapaglikha nito at Tagapagtustos ay ang Pinakamaalam na Diyos.

Goodword

CPS International
centre for peace & spirituality

www.goodwordbooks.com
www.cpsglobal.org

# Ang Pagkakatuklas sa Diyos



# Ang Limang Haligi ng Islam

Si Propeta Muhammad ay nagsabi, "Ang Islam ay itinatag sa limang haligi: pagsaksi na walang diyos na marapat sambahin liban kay Allah at si Muhammad ay Sugo ng Diyos; pagtataguyod ng pagdarasal; pagbabayad ng obligadong kawanggawa; peregrinasyon sa Bahay ng Diyos sa Makkah at pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan."

Bagaman ang isang gusali ay binubuo ng maraming bahagi, ang tunay na sumusuporta sa buong gusali ay ang mga haligi nito. Kung ang mga ito ay matatag, ang buong gusali ay matatag. Ngunit kung ito ay mahina, ang buong gusali ay guguho. Yaong mga sumusuporta sa gusali ng Islam ay may matinding tibay ngunit ang mga ito ay marapat na maitayo ng tagasunod nito upang masuportahan ang gusaling ito.

Ang buhay ng tao ay tulad ng piraso ng lupa na kung saan ay itatayo ang bahay ng Diyos. Ang una niyang hakbang ay ang pagtatayo ng limang matatatag na haligi na kung wala ito ay hindi maitataguyod ang Islam para sa isang indibidwal o sa buong pamayanan. Ang limang haligi na ito, ang pagsaksi, pagdarasal, pag-aayuno, obligadong kawanggawa at peregrinasyon ay naglalayon na itanim sa tao ang buong buhay na pagkamakadiyos at pagsamba sa Diyos.

Ang pananampalataya (iman) ay nangangahulugan ng paniniwala sa banal na katotohanan. Ang pagdarasal (salah), sa diwa nito ay nangangahulugang pagyuko sa mga kadakilaan ni Allah upang ang anumang pagmamalaki na maaaring taglay ng tao ay mapapawi. Ang pag-aayuno (sawm), ay nagbibigay-diin sa disiplina, bumubuo sa pagkamatiisin at katatagan. Ang obligadong kawanggawa (zakah) ay naglalaman ng pagkilala sa pangangailangan ng iba, na anumang ibinigay ng Diyos sa sangkatauhan ay pantay-pantay na maibahagi. Ang peregrinasyon (hajj)ay isang dakilang pagtitipon ng mga alipin ni Allah sa paligid Niya. Ito ay hindi basta-bastang mga walang katuturang pagsamba, bagkus ay pagsasabuhay ng mga positibong kaasalan, sa diwa nito sa katotohanan ay ang mga katangian na nais na maitanim sa atin ng ating Panginoon. Kung ang mga ito ay pagyayamanin natin ay mabibilang tayo sa mga mga nagtataglay ng mga banal na katangian ng pinahahalagahan sa Islam. Kaya, totoo na sabihin na ang pananampalataya, pagpapakumbaba, katatagan, pagkilala sa karapatan ng iba at pagkakaisa ay mga haligi na kung saan ay nakapatong ang kabuuan ng gusali ng Islam.

Ang pagtanggap ng tao sa Diyos bilang Panginoon ay tulad ng pakikipagtipanan upang ilagay niya Siya sa sentro ng kanyang buhay, upang Siya ay maging sentro ng kanyang kaisipan at damdamin. Ito ay nangangahulugan ng buong pagkakatiwala ng sarili sa Kanya at pagtuon sa Kanya ng lahat ng pag-asa at paghahangad, takot at kahilingan. Kaya, sa halip na mamuhay para sa mga makamundong bagay, ang tao ay mamumuhay para sa Tagapagtustos. Siya ang magiging kabuuan ng buhay ng isang tao.

Ang tao sa kadalasan ay nabubuhay para sa mga makamundong bagay na nangingibabaw sa kanyang isipan at damdamin. Ang ilan ay nabubuhay para sa kanilang tahanan at pamilya; ang ilan para sa negosyo at pera na dulot nito; ang ilan ay para sa mga kilusang politikal o pamumuno sa partido, ang iba naman ay para sa karangalan at autoridad. Bawat tao, malaki man o maliit ay nabubuhay para sa isang bagay o iba pa na materyal sa pang-araw-araw na mundo natin. Ngunit ito ay pamumuhay sa kamangmangan – ang pagsisikap na bumuo ng pugad sa mga sanga na hindi naman umiiral. Ang totoong buhay na makabuluhan ay yaong buhay na ginugol para sa kanyang Panginoon, nang walang ibang suporta liban pa sa Kanya. Ang tao ay marapat na mamuhay sa pag-aalaala sa Diyos. Ang Kanyang pangalan ay marapat na nasa kanyang labi sa kanyang paggising at pagtulog. Sa kanyang pagtigil o paghayo sa kanyang landas, siya ay marapat na mamuhay na nananalig sa diyos, kapag siya ay nagsalita o nanatiling tahimik, ito ay marapat na para lamang sa kaluguran ng kanyang Panginoon.

# Ang Diwa ng Pananampalataya

Ang pananampalataya sa diyos ay tulad ng kuryente na nagpapailaw sa buong paligid at nagpapatakbo sa lahat ng makina. Kapag natagpuan ng tao ang koneksiyon ng pananampalataya upang iugnay siya sa Diyos, nakakaranas siya ng liwanag mula sa loob – mabilis at malawakan. Ang kanyang tulog na kaluluwa ay nagigising at ang kanyang puso ay pinaiinit ng kanyang bagong-tagpong pananampalataya. Ang isang bagong uri ng apoy ay nagliyab sa loob niya. Ang tao na isinilang mula sa sinapupunan ng kanyang ina ay nagkaroon ng pangalawang kapanganakan sa sinapupunan ng pananampalataya. Nararanasan niya ngayon ang kahulugan ng pagiging isa sa kalooban ng Diyos. Ang isang nagmamahal, sa kanyang damdamin, ay kaisa ng kanyang minamahal, kahit pa siya ay pisikal na nakahiwalay sa kanyang minamahal. Ang isang napukaw ng kanyang pananampalataya sa Diyos ay tulad lamang ng tagalupang nagmamahal. Nakikita niya ang kadakilaan ng Diyos sa bughaw na imbakan ng langit, at ang Kanyang kapangyarihan at karangalan sa bangis ng mga bagyo. Ang mga ibon, sa kanilang paghuni, ay tila umaawit ng papuri sa Diyos. Sa sumisikat na araw ay ang nagniningning na kamay ng Diyos na lumalapit patungo sa kanya. Bawat dahon ng bawat halaman at puno ay isang pahina na binabasa niya rito ang kuwento ng banal na pagkakalikha. Ang banayad na hangin na dumadampi sa kanyang pisngi ay tagapagbalita ng kanyang kaisahan sa kalooban ng Diyos. Ang tunay na mananampalataya sa Diyos ay tulad ng isang maninisid sa banal na dagat. Bawat pagsisid na gawin niya ay nagsisilbi upang pag-isahin siya sa kanyang karanasan nang pahigpit nang pahigpit at hindi na mahihiwalay mula sa kanyang Tagapaglikha, upang siya ay mapabilang sa Diyos tulad ng kung paanong napapabilang sa kanyang kalooban ang Diyos.